# Francis Howell School District

# Kodigo sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral

# Talaan ng Mga Nilalaman

**Painful** ..... 3
**Mga Patnubay hinggil sa Disiplina sa Silid-aralan** ..... 5
**Mga Paglabag kaugnay ng Pag-uugali at Antas ng Pagtugon** ..... 6
**Mga Pag-uugali at Antas ng Pagtugon** ..... 7
**MGA KAHULUGAN NG DISIPLINA** ..... 21
**Pagkalulong ng Mag-aaral sa Alak at Droga** ..... 25
**Mga Paaralang Walang Armas** ..... 27
**Mga Patnubay sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Network at Internet** ..... 28
**Ipinagbabawal ang Kaparusahang Pisikal** ..... 30
**Mga Panuntunan sa Bus** ..... 30
**Talaan ng Mga Salita** ..... 31

## Painful

### MAHALAGA SA PAGKATUTO ANG POSITIBO AT MAY PAGGALANG NA MGA KAPALIGIRANG PAMPAARALAN

Ninanais ng lahat na ang kanilang paaralan ay isang magiliw, kaaya-aya at may paggalang na lugar. Sa pamamagitan ng pagtutulungan, kaya ng mga mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, kawani, at komunidad na gawing isang magandang lugar ng pagkatuto ang kanilang paaralan. Tungkulin ng punong-guro na panatilihin ang isang positibong kapaligiran sa pagkatuto. Makatutulong ang mga mag-aaral kapag tatandaan nilang:

- Manatiling ligtas, responsable, at kalmado
- Manatiling magalang sa lahat ng kasamahan at matatanda
- Manatiling may paggalang sa lahat ng pag-aari ng paaralan
- Manatiling nasa oras ang pagpasok sa paaralan at mga klase
- Manatiling handa para sa klase, pati sa mga takdang aralin at kagamitan
- Makibahagi sa kanilang pagkatuto
- Maging mabait at gumamit ng angkop na pananalita
- Manamit nang maayos
- Sundin ang mga patakaran ng paaralan at kanilang mga guro
- Igalang at tanggapin ang pagkakaiba ng isa't isa
- Ipahayag kung ano ang kanilang nararamdaman o kung ano ang kailangan nila sa pamamagitan ng mga kapaki-pakinabang at wastong paraan
- Lutasin ang mga hindi pagkakasundo sa pamamagitan ng mga katanggap-tanggap na paraan

### SUPORTA SA PAGKILOS

Maraming paaralan sa FHSD ang gumagamit ng isang pamamaraang Sistema ng Mga Suporta na may Maraming Antas (Multi-Tiered System of Supports) sa pagtuturo ng mga ninanais na pagkilos at pagsuporta sa mga mag-aaral na nangangailangan ng karagdagang tulong.

### EDUKASYON SA WASTONG PAG-UUGALI

Maraming paaralan sa FHSD ay mayroon ding matatag na mga programa para sa Edukasyon sa Wastong Pag-uugali na naglalayong lumikha ng isang "komunidad na may malasakit sa mga mag-aaral" sa pamamagitan ng paglinang ng mga positibong katangiang pagkatao sa mga kabataan sa tulong ng intelektwal, panlipunan at etikal na pag-unlad. Ang Distrito ay mayroong tatlong (3) paaralan na nakatanggap ng pagtatalaga na Missouri School of Character at dalawang (2) paaralan ang nakatanggap ng pagkilala bilang National School of Character.

### LEADER IN ME

Ipinatutupad ng isang paaralan sa FHSD ang Leader In Me ng Covey bilang isang paraan para linangin ang pagiging lider ng mga mag-aaral. Batay sa *The 7 Habits of Highly Effective People*, tinutulungan ng Leader in Me ang mga mag-aaral na magkaroon ng tiwala sa sarili at mga kasanayang kailangan nila para umunlad sa ekonomiya sa ika-21 siglo. Patuloy na iniuulat ng mga paaralan ng Leader in Me ang bumuting kultura ng paaralan at pangkalahatang pagbaba ng mga isyu sa pagdisiplina.

Inilalarawan ng Kodigo sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral sa Francis Howell School District ang pag-uugali ng mga estudyante na itinuturing na hindi tama o nakagagambala. Nagbibigay din ito ng maraming pamamaraan na maaaring magamit upang maiwasan ang naturang pag-uugali at mga tugon sa pagdidisiplina na maaaring gawin kung ang mga mag-aaral ay nagpapamalas ng gayong pag-uugali. Sinusuportahan din ng Francis Howell School District ang paggamit ng mga pamamaraang interbensyon na nagbibigay sa mga mag-aaral ng patnubay, direksyon, at suporta para magtagumpay sa paaralan.

# Mga Patnubay hinggil sa Disiplina sa Silid-aralan

Ang paglinang ng mga positibong ugnayan sa mga mag-aaral ay ang pundasyon para sa epektibong pamamahala sa silid-aralan. Tungkulin ng mga guro na panatilihin ang isang kapaligirang pansilid-aralan na nakatutulong sa pagkatuto. Ang mga pangkat sa pagbubuo ng komunidad ay hinihikayat ng Distrito bilang isang paraan upang magkaroon ng isang mapagmalasakit na komunidad na nangangalaga at sumusubaybay mismo rito. Itinataguyod ng mga silid-aralang may malakas at positibong ugnayan sa pagitan ng mga mag-aaral at guro ang mga kaaya-ayang kapaligiran sa pagkatuto. Naniniwala kami na pinakamadaling matuto sa loob ng isang komunidad sa pag-aaral kung saan nagtutulungan ang mga mag-aaral at nagkakaroon ng mga kasanayan para maging handa sila sa lipunan at pagtatrabaho. Hindi pinahihintulutan ang paggambala sa silid-aralan o kumbinasyon ng mga paggambala kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, labis na kadaldalan, pag-alis sa upuan, paghagis ng mga bagay, pag-istorbo sa iba, hindi wastong paggamit ng mga elektronikong device, pagpapasa-pasa ng mensahe at/o iba pang pagkilos na nakasasagabal sa proseso ng edukasyon.

### Mga Hakbang para sa Pagdisiplina

| **Problema** | **Aksyon** |
|---|---|
| Paunang problema | Kakausapin ng guro ang mag-aaral |
| Patuloy na problema | Bibigyang babala ng guro ang mag-aaral<br>Maaaring papuntahin ng guro ang mag-aaral sa isang buddy room/lugar na pampakalma (calming space)<br>Maaaring makipag-ugnayan ang guro sa (mga) magulang/tagapag-alaga |
| Hindi nalutas ang problema pagkatapos ng babala | Maaaring magpasya ang guro na mag-atas ng detensyon o magsagawa ng pagpupulong para sa sama-samang paglutas ng problema kasama ang mag-aaral at/o (mga) magulang/(mga) tagapag-alaga |
| Hindi nalutas ang problema pagkatapos ng detensyon o pagpupulong | Isasangguni ng guro ang mag-aaral sa tanggapan ng punong-guro |

### Patakaran sa Hindi Nasa Oras na Pagpasok (sa klase)

Ang mga detensyon ay iaatas ng guro/punong-guro kapag dumating sa klase ang mga mag-aaral matapos tumunog ang bell. Tutukuyin ang bilang ng mga hindi sa oras na pagpasok (sa klase) na magsisilbing isang detensyon batay sa antas ng pag-aaral. Matapos na makaipon ng maraming hindi sa oras na pagpasok (sa klase), ang mga mag-aaral ay maaari ding isangguni sa tanggapan para sa karagdagang pagdisiplina.

# Mga Paglabag kaugnay ng Pag-uugali at Antas ng Pagtugon

Ginawa ang mga Patakaran ng Francis Howell School District upang magbigay ng isang positibong kapaligirang pang-edukasyon na ginagamit para sa kaligtasan, katuparan ng layunin at personal na tagumpay. Kaya naman, ipakikita ng mga tsart sa susunod na mga pahina ang mga paglabag kaugnay ng pag-uugali na tinukoy ng Francis Howell School District at ang kaukulang antas ng disiplina.

Maaaring mag-iba ang mga antas ng kahihinatnan sa pagitan ng paaralang elementarya at sekondarya. Mahalagang tandaan na ang nag-iisang layunin ng pagdisiplina ay para ituro ang ninanais na tamang pag-uugali at maiwasan ang hindi wastong pag-uugali sa hinaharap.

Ang mga paglabag kaugnay ng pag-uugali na nakalista sa mga susunod na pahina ay pag-aaralan kasama ng lahat ng mag-aaral sa paraang angkop sa edad. Hinihikayat ang mga magulang na irebyu ang mga paglabag kasama ng kanilang mga anak.

Ang mga field trip o iba pang mga aktibidad sa paaralan, kabilang ang mga isinasagawa sa labas ng paaralan, ay sakop ng kapangyarihan ng mga itinalagang tauhan ng paaralan. Ipinatutupad ang lahat ng patakaran at regulasyon ng Distrito kapag may mga aktibidad na ito na sinasalihan ng mga mag-aaral sa elementarya man o sekondarya (middle school at high school). May pananagutan ang mga estudyante ayon sa Kodigo sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral kaugnay ng mga paglabag na maaaring mangyari sa mga field trip at mga aktibidad na ginaganap sa labas ng lugar ng FHSD.

Kayang mag-atas at mag-aatas ng disiplinang pampaaralan ang FHSD kaugnay ng mga insidenteng naganap sa labas ng campus kung mayroon itong kaugnayan (koneksyon) sa paaralan o kung nagdulot ang insidente ng kaguluhan sa kapaligiran ng paaralan.

HINDI MAAASAHANG ILISTA O ILARAWAN NG KODIGO SA PAG-UUGALI NG MGA MAG-AARAL ANG BAWAT PAGLABAG NA MAAARING MAKATANGGAP NG PAGDISIPLINA. GAYUNPAMAN, MAY KARAPATAN ANG DISTRITO NA MAGPATAW NG ANUMANG KAHIHINATNAN NA MAAARING ANGKOP AYON SA SITWASYON, DEPENDE SA PINAG-UUSAPANG KATANGIAN, KALUBHAAN AT DALAS NG PAG-UUGALI.

# Mga Pag-uugali at Antas ng Pagtugon

**Ika-1 Antas ng Pagtugon:** Interbensyon sa Silid-aralan na mayroon o walang Pagdisiplina

- Panayam ng guro sa mag-aaral at muling pagtuturo ng wastong pag-uugali at/o mga tuntunin sa silid-aralan
- Pinapapunta ang estudyante sa buddy room
- Berbal/nakasulat na komunikasyon para sa (mga) magulang/tagapag-alaga kaugnay ng pag-uugali
- Tinatanggihan ang mga espesyal na pribilehiyo tulad ng mga insentibo o aktibidad na higit pa sa kurikulum
- Pagpupulong ng guro/magulang/tagapag-alaga
- Ipagkait ang recess - bahagya/lubos (dapat lamang gamitin kapag walang ibang mga opsyon para matugunan ang paglabag kaugnay ng pag-uugali)
- Detensyon
- Pagpupulong para sa Pagpapanumbalik ng Tamang Pag-uugali (Restorative Conference)

**Ika-2 Antas ng Pagtugon:** Interbensyon ng mga Tauhan na mayroon o walang Pagdisiplinang Administratibo

- Ika-1 Antas ng mga Pagtugon at/o Pananag-uli
- Ika-1 Paglabag - Detensyon na Pagkasuspinde Habang Nasa Paaralan (In School-Suspension) na hanggang 3 araw
- Ika-2 Paglabag - Pagkasuspinde Habang Nasa Paaralan (In School-Suspension) na hanggang 5 araw
- Ika-3 at Sumunod na Paglabag - Pagkasuspinde nang Wala sa Paaralan (Out-of-School Suspension) na hanggang 5 araw
- Pagpupulong para sa Pagpapanumbalik ng Tamang Pag-uugali (Restorative Conference)

**Ika-3 Antas ng Pagtugon:** Masinsinang Interbensyon at Pagdisiplinang Administratibo

- Ika-1-2 Antas ng Pagtugon at/o
- Maraming araw ng Pagkasuspinde Habang Nasa Paaralan at/o Hanggang 10 araw na Pagkasuspinde sa Labas ng Paaralan (Out-of-school Suspension) (Maaaring magpatupad ng kumbinasyong nasa at wala sa paarlan nang hindi hihigit sa 10 araw)
- Pagpupulong para sa Pagpapanumbalik ng Tamang Pag-uugali (Restorative Conference)

**Ika-4 na Antas ng Pagtugon:** Mga Intensibong Estratehiya, Interbensyon at Pagdisiplinang Administratibo

- Hanggang 10 araw na Out-of-School Suspension at potensyal na pagsangguni sa isang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali na posibleng may mga karagdagang araw na Out-of-School Suspension na hanggang 180 araw
- Pagpupulong para sa Pagpapanumbalik ng Tamang Pag-uugali (Restorative Conference)

**Ika-5 Antas ng Pagtugon:** Masinsinang Interbensyon na may Posibleng Pangmatagalang Pagkatanggal sa Paaralan at Mga Estratehiya para sa Muling Pakikibahagi

- Iniatas na 10 araw na Out-of-School Suspension at pagsangguni sa isang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali na posibleng may mga karagdagang araw na Out-of-School Suspension na hanggang 180 araw

- Posibleng Rekomendasyon na Pagpapatalsik
- Paglabag kaugnay ng Mga Sandata - Pagkasuspinde nang hindi bababa sa isang taon (365 araw ng kalendaryo) o pagpapatalsik, na pagpapasyahan alinsunod sa Mo. Rev. § 160.261

* (Elem) ay tumutukoy sa mga antas ng pagtugon na espesipiko sa elementarya.
* Isasaalang-alang ang layunin, sakop ng epekto, at kalubhaan ng pag-uugali kapag pagpapasyahan ang antas ng paglabag.

## MAPANG-ABUSO/HINDI ANGKOP NA PANANALITA/PAGMUMURA (ABUSIVE/INAPPROPRIATE LANGUAGE/PROFANITY, AL)

| **Pag-uugali** | **Ika-1 Antas** | **Ika-2 Antas** | **Ika- 3 Antas** | **Ika- 4 na Antas** | **Ika- 5 Antas** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagmumura, paghahangad ng kapahamakan sa kapwa, o paggawa ng mga kalaswaan, o mga nakasulat o berbal na pag-alipusta na hindi nakadirekta sa ibang tao o grupo ng mga tao | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Pagmumura, paghahangad ng kapahamakan sa kapwa, o paggawa ng mga kalaswaan, o mga nakasulat o berbal na pag-alipusta na nakadirekta sa ibang tao o grupo ng mga tao | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Masasamang pananalita na kung hindi man ay bastos, bulgar, palaban, na itinuturing na hindi tama sa mga lugar pang-edukasyon o lubha at labis na nakagagambala sa gawaing pansilid-aralan, mga aktibidad sa paaralan o kaganapan sa paaralan, kabilang ang pananalitang may poot. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |

## ALAK (ALCOHOL, A)

| **Pag-uugali** | **Ika-1 Antas** | **Ika-2 Antas** | **Ika-3 Antas** | **Ika-4 na Antas** | **Ika-5 Antas** |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pagkakaroon ng anumang inuming naglalaman ng alak; pag-inom at/o pagiging lasing, o malapit nang malasing matapos uminom ng anumang inuming may alak | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pamamahagi ng inuming may alak | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PANUNUNOG (ARSON, AR)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Panununog, o pagtatangkang manunog | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PAG-ATAKE NA NAKAPINSALA (ASSAULT WITH INJURY, ANI)

Sa ika-4 at 5 antas, kailangang isangguni sa tagapagpatupad ng batas.

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Ng isang mag-aaral o kawani, na nagtangkang pumatay o pisikal na manakit nang malubha—paggamit ng dahas ng isang mag-aaral na may layuning pisikal na makapanakit nang husto. Isasangguni ng pangasiwaan ng paaralan sa tagapagpatupad ng batas | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PAG-ATAKE NA WALANG PINSALA (ASSAULT WITH NO INJURY, AS)

Sa ika-4 at 5 antas, kailangang isangguni sa tagapagpatupad ng batas.

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pambubuntal, pananampal, panunulak, paninisod, pagsasalya, paninipa, pandudura o anumang hindi wastong marahas na pisikal na pagkilos ng mag-aaral laban sa ibang estudyante na walang pambu-bully o panliligalig at hindi umabot sa antas ng isang pag-aaway o pisikal na pag-atake | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Pisikal na pag-atake sa isang estudyante | | | ■ Ika-3 Antas (Elem) | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Paggamit ng dahas, kabilang ang paggamit ng isang bagay, na direktang nakatuon o nakaaapekto sa isang kawani o sinumang nakatatanda na lehitimong may kapangyarihan sa paaralan o sa anumang aktibidad ng paaralan | | | | ■ Ika-4 na Antas (Elem) | ■ Ika-5 Antas |

## BOMBA/PAMBABANTA SA PAARALAN/FALSE ALARM
## (BOMB/SCHOOL THREAT/FALSE ALARM, BT)

Magsasagawa ng pagtatasa ng banta upang malaman ang pagkabalido at kalubhaan ng isang banta.

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga False Alarm - Pag-activate ng alarma sa sunog at/o iba pang sistema ng alarma ng paaralan, pagreport ng sunog kahit wala naman, o pagbibigay ng maling babala sa pamamagitan ng pagtawag sa 911 | | ■ Ika-2 Antas (Elem) | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |
| Pagtangkang gumamit o paggamit ng paputok, smoke bomb, pepper spray/gas, MACE, tear gas o stink bomb | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |
| Pagbabanta sa isang paaralan o malaking grupo o pagbibigay ng maling report (berbal, elektroniko, nakasulat, o sa pamamagitan ng social media) na naglalayong takutin o abalahin ang mga tao, na nakagagambala sa kapaligirang pang-edukasyon, o humantong sa paglikas sa o pagsasara ng pag-aaring lugar ng distrito. Kabilang dito ang pagbabantang magdala ng sandata sa paaralan | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pagbabanta tungkol sa pagbobomba o pagpapasabog ng isang aparato nang walang aktwal na taglay na bomba o aparatong pampasabog | | | | | ■ Ika-5 Antas |
| May taglay na bomba o iba pang aparatong pampasabog | | | | | ■ Ika-5 Antas |

## BULLYING/CYBERBULLYING (BULLY)

Kinakailangang Sub Code: BD – Bullying based on disability (Pambu-bully dahil sa kapansanan), BR – Bullying based on race/national origin (Pambu-bully dahil sa lahi/bansang pinagmulan), BS – Bullying based on sex (Pambu-bully dahil sa kasarian), BSO – Bullying based on sexual orientation (Pambu-bully dahil sa sekswal na oryentasyon), BBR – Bullying based on the basis of religion (Pambu-bully dahil sa relihiyon), B-OTH – Bullying Other (Pambu-bully sa Iba pang mga Kadahilanan)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pananakot, hindi kanais-nais na agresibong pag-uugali o panliligalig (kabilang ang kriminal na panliligalig sa ilalim ng Safe Schools Act), na paulit-ulit o malamang na maulit at magdulot ng takot sa isang mag-aaral para sa kanyang pisikal na kaligtasan o pag-aaring kagamitan; labis na nakasasagabal sa pag-aaral, mga oportunidad o benepisyo ng sinumang mag-aaral nang walang eksepsiyon; o lubos na nakagagambala sa maayos na operasyon ng paaralan. Maaaring kasama sa pambu-bullly ang mga pagkilos na pisikal, kabilang ang mga pagkumpas, o komunikasyong pasalita, cyberbullying, komunikasyong elektroniko o nakasulat, at anumang banta ng paghihiganti dahil sa pagreport ng mga naturang gawain. Ang ibig sabihin ng “Cyberbullying” ay pambu-bully sa pamamagitan ng pagpapadala ng komunikasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mensahe, teksto, tunog, o larawan sa pamamagitan ng isang elektronikong aparato kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, telepono, wireless na telepono, o iba pang wireless na aparatong pangkomunikasyon, computer o pager. Hindi didisiplinahin ang mga mag-aaral sa pagsasalita sa mga sitwasyon kung saan protektado ng batas ang pagsasalita | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## MALING PAGGAMIT NG COMPUTER/TEKNOLOHIYA (COMPUTER/TECHNOLOGY MISUSE, CTM)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggamit, pagpapakita o pagbukas ng mga personal na elektronikong aparato sa araw na may pasok sa paaralan, maliban kung ang paggamit nito ay bahagi ng programa sa pagtuturo, na kinakailangan sa klase o aktibidad na itinataguyod ng distrito, o kung hindi man ay pinahihintulutan ng punong-guro ng gusali | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pagkakaroon at/o pamamahagi ng mga larawang potograpiko, biswal o napaulat na nakagagambala sa kapaligiran sa pagkatuto habang nasa paaralan o sa mga kaganapang inisponsor ng paaralan | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |
| Pagtatangka, nagtagumpay man o hindi, para magkaroon ng hindi awtorisadong pag-akses sa teknolohiya; pag-akses ng di-angkop na content; pagkuha ng mas mataas na antas ng pribilehiyo nang walang pahintulot; pag-hack; pag-iwas sa/di-paganahin ang filter | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PAMBABASTOS (DISRESPECT, DIS)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga pananalita, tono ng boses, ekspresyon ng mukha, nakasulat na pagpapahayag o mga muwestra. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## NAKAGAGAMBALANG PAG-UUGALI (DISRUPTIVE BEHAVIOR, DB)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pag-uugaling nakagagambala sa pagtuturo at pagkatuto ng ibang mga estudyante sa silid-aralan | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Sinasadyang pagsipa, paghagis, o pagpapakawala ng isang bagay (kabilang ang isang snowball) na posibleng magdulot ng pagkaantala, pinsala, o pagkasira ng ari-arian at/o tumama ang bagay sa ibang mag-aaral o kasamahan, kahit na ang paghagis o pagpapakawala ng bagay ay hindi bahagi ng isang pinangangasiwaang aktibidad o hindi para sa layunin nito. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## PAGLABAG SA KODIGO NG PANANAMIT (DRESS CODE VIOLATION, DCV)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Istilo ng pananamit o hitsura na lumalabag sa pamantayan ng paaralan hinggil sa pagdadamit, na hindi naaangkop sa mga aktibidad ng paaralan at/o nakagagambala sa proseso ng edukasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, kasuotang lawlaw/naglalantad ng katawan, nagpapakita ng damit na panloob, pagsusuot ng mga spike at/o kadena, o hindi naaangkop na print sa mga kasuotan/mask (hal. mga sekswal na pagpapahiwatig, droga, inuming nakalalasing, armas, ilegal na aktibidad, atbp.). Maaaring hilingin ng mga punong-guro sa mga mag-aaral na magpadala sa kanilang mga magulang ng angkop na kasuotang pamalit. Kung matapos na hilinging magpalit ng kasuotan ang isang mag-aaral nang naaayon sa pamantayan sa pamanamit, at kalaunan ay napag-alamang lumabag muli ito sa pamantayan sa pananamit, maaaring patawan ang estudyante ng karagdagang pagdisiplina. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## DRUGS (D)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Nangangamoy marijuana, nang walang ebidensya ng paggamit o na lango rito, na sapat na makagambala sa kapaligiran sa pag-aaral | | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Paggamit ng anumang (mga) droga o lango sa animant droga, kabilang ang marijuana | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pagkakaroon ng anumang (mga) droga o paraphernalia, kabilang ang marijuana | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pagbili ng marijuana at/o anumang (mga) droga maliban sa marijuana | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pamamahagi o pagbabahagi ng (mga) droga, kabilang ang marijuana, sa o kasama ng ibang mag-aaral | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Ang pagtaglay o paggamit ng, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga hindi inireresetang gamot ay isang Ika-2 Antas na paglabag. Ang pamamahagi, pagbebenta o pagbili ng (kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, hindi inireresetang mga gamot) o gumagamit ng mga gamot na "walang reseta" na nagdudulot ng mga pag-uugaling nakagagambala sa kapaligirang pang-edukasyon ay isang Ika-3 Antas na paglabag. | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## PAGLALANTAD (EXPOSURE, EX)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi sekswal ang katangian. Gaya ng pag-ihi sa publiko. | ■ Ika-1 Antas (Elem) | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Kabilang ang pagpapakita ng puwit at/o ari sa pampublikong lugar o pagtatanggal ng damit ng ibang tao o sariling kasuotan na nagpapakita ng maselang bahagi ng katawan at/o mga damit na panloob. Kasama sa paglabag na ito ang "Pantsing (Pagtatanggal ng Pantalon)". Maaaring humantong ito sa pagsangguni sa compliance officer ng gusali. Maaaring ituring na isang Ika-3 Antas na paglabag kung matukoy na malubha ng punong-guro/taong itinalaga | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## PAKIKIPAG-AWAY (FIGHTING, FG)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pakikipag-away sa isa't isa kung saan ang magkabilang panig ay may kontribusyon sa laban berbal man o pisikal na pagkilos (pambubuntal, panununtok; maaaring may kasamang paghampas gamit ng bagay, paninipa, paghila ng buhok, pangangalmot, atbp.). Mahalagang bigyang-pansin ang layuning makapanakit o makapinsala | | ■ Ika-2 Antas (Elem) | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |
| Kabilang sa pakikipag-away sa isa't isa ang matinding pisikal na pananakit sa isa pang indibidwal. | | | ■ Ika-3 Antas (Elem) | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pangungutya, panunuya, pag-uudyok, at/o paghihikayat na mag-away, pagkagambala, o iba pang paglabag sa mga panuntunan ng paaralan, o pagre-rekord ng away. | ■ Ika-1 Antas (Elem) | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |

## PAGSUSUGAL (GAMBLING, GM)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Mga aktibidad na walang kinalaman sa pagtuturo na kinabibilangan ng pagtataya sa isang resultang walang katiyakan, anuman ang mga nakataya; pagsali sa anumang sugal kung saan maaaring manalo o matalo ng isang bagay na may tunay o simbolikong halaga. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa, pagtataya sa mga resulta ng mga aktibidad, gawain, paligsahan, at laro. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## PANLILIGALIG/PANANAKOT (HARASSMENT/INTIMIDATION, HI)

Kinakailangang Sub Code: HD – Harassment based on disability (Panliligalig dahil sa kapansanan), HR – Harassment based on race/national origin (Panliligalig dahil sa lahi/bansang pinagmulan), HS – Harassment based on sex (Panliligalig dahil sa kasarian), HSO – Harassment based on sexual orientation (Panliligalig dahil sa oryentasyong sekswal), HBR – Harassment based on basis of religion (Panliligalig dahil sa relihiyon), HOTH – Harassment Other (Panliligalig para sa Iba Pang Kadahilanan)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi kanais-nais na pisikal na kontak o berbal, nakasulat o simbolikong pananalita batay sa kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, lahi, kulay, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, bansang pinagmulan, pinagmulang angkan, kapansanan, o anumang iba pang katangiang protektado ng batas. Kabilang sa mga halimbawa ng ilegal na panliligalig ang, ngunit hindi limitado sa, mga biro o komento tungkol sa lahi; mga kahilingan para sa mga sekswal na pabor at iba pang hindi kanais-nais na mga sekswal na pananamantala; graffiti; pagbabansag; o pagbabanta, pananakot o mga pagpapakita ng pagkapoot batay sa isang protektadong katangian | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Ang pananakot ay sinsadyang pag-uugali na magdudulot sa isang taong may karaniwang kakayahang makaramdam na matakot masaktan o mapahamak. Hindi kailangang patunayan na napakarahas ng pag-uugali para magdulot ng nasabing takot o na ang biktima ay talagang natakot. Ang anumang kilos na akma sa kahulugan ng panliligalig/pananakot ngunit hindi nakadirekta sa isa sa mga protektadong klase ng batas ay dapat na i-sub-code bilang HOTH-Harassment Other | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Ginagamit para subaybayan ang di-umano'y panliligalig. Kinakailangan para sa pagreport sa OCR kapag may mga di-umanong insidente ng panliligalig/pananakot kung saan hindi matukoy ang nagkasala. Dapat gamitin ang code na ito anumang oras na may magsumbong ng panliligalig, ngunit hindi ito mapatutunayan o maituturing na HINDI panliligalig. | | ■ Ika-2 Antas | | | |

## HAZING (HAZE)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Isang aktibidad na pinaniniwalaan ng isang makatwirang tao na negatibong nakaaapekto sa mental o pisikal na kalusugan o kaligtasan ng isang estudyante o maglalagay sa mag-aaral sa isang sitwasyong nakakahiya o nakaka-stress para sa mga layuning makapasok, matanggap, maging miyembro sa anumang grupo, klase, organisasyon, club o koponan ng mga atleta. Maaaring mangyari ang hazing kapag kusang lumahok ang lahat ng mag-aaral na kasangkot | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## HINDI ANGKOP NA BAGAY/NASUSUNOG NA BAGAY (INAPPROPRIATE OBJECT/COMBUSTIBLE ITEM, IO)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang pisikal na presensya ng isang bagay na hindi naaangkop sa paaralan kabilang ang mga posporo, lighter, kemikal o iba pang mga device na ginagamit para magsindi o magsimula ng apoy. Hindi kailangang madaling masunog ang mga hindi naaangkop na bagay (hal., mga laruang baril, maliliit na kutsilyo na may talim < 4 na pulgada, mga shell casing, o mga bagay na ginamit nang mali tulad ng mga bato). | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## PAGSUWAY (INSUBORDINATION, IS)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Hindi sumusunod sa mga tuntunin ng paaralan o mga tagubilin ng mga kawani ng paaralan o mga boluntaryo | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Hindi paglisan mula sa isang away o kaguluhan kapag inutusan ng mga nakatatanda | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Trespassing | | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pag-iwas sa mga protokol pangkaligtasan ng paaralan, kabilang ang pagbubukas ng mga naka-secure na mga panlabas na pintuan para papasukin ang ibang tao | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## INTEGRIDAD (INT)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagsisinungaling -- Pag-alis ng impormasyon, pagtatangkang manlinlang, o hindi pagsasabi ng totoo sa isang nakatatanda o kasamahan. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pandaraya -- Paggamit, pagsusumite, pagkuha o pagtatangkang kumuha ng datos, mga tanong, o sagot sa ibang paraan maliban sa mga pinahintulutan ng guro, kabilang ang hindi naaprubahang paggamit ng AI | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pamemeke -- Pagsusumite ng gawa ng iba o mga dokumentong may pekeng pirma | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## PAG-ALIS NANG WALANG PAHINTULOT (LEAVING WITHOUT PERMISSION, LWP)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pag-alis sa klase/grupo nang walang pahintulot. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Ang pag-alis sa klase/grupo nang walang pahintulot nang mas matagal sa 20 minuto AT pagtangging sumunod sa mga direktibang administratibo. | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Pag-alis sa gusali ng paaralan nang walang pahintulot. | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |
| Pag-alis sa paaralan nang walang pahintulot. | | ■ Ika-2 Antas (Elem) | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## MGA NAKALIGTAANG KAHIHINANTNAN (MISSED CONSEQUENCES, MCS)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Nakakaligtaan ang mga kahihinatnan na itinalaga ng paaralan | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## IBA PA (OTHER, OTH)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Para sa kaayusan ng paaralan na nagdulot ng paglabag. Maaaring gamitin ang kategoryang ito para sa mga paglabag na hindi kasali sa isa sa mga paglalarawan ng paglabag. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PISIKAL NA KONTAK (PHYSICAL CONTACT, PHY)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Panunulak/pagsasalya/pamabubuntal ngunit maaaring walang intensyon na saktan o magdulot ng pinsala. Ang mga aksyon, na paulit-ulit, ay maaaring ituring na ibang kategorya. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## PROPERTY DAMAGE/VANDALISM (PD)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Sinasadyang pagwasak o pagtatangkang pagsira ng ari-arian (kabilang ang teknolohiya) na pag-aari ng paaralan, kawani, o mga mag-aaral | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Krimeng pagsira ng ari-arian, gaya ng tinukoy sa batas. Dapat sumangguni sa tagapagpatupad ng batas. | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## MALING PAG-UUGALING SEKSWAL/PANLILIGALIG NA SEKSWAL (SEXUAL MISCONDUCT/SEXUAL HARASSMENT, SM)

Kung nasa mga larawan/video ay isang menor de edad, dapat abisuhan ang tagapagpatupad ng batas at mga serbisyo sa pangangalaga ng mga bata.

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Berbal, nakasulat, simbolikong pananalita, pagkakalantad (may kinalaman sa sekso), o pisikal na konktak na hindi kanais-nais at may kinalaman sa sekso. hal., pagkurot, paghawak sa dibdib, puwit, mga maseselang bahagi, atbp. Kabilang dito ang electronikokng "sexting". | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pagkakaroon ng mga larawang sekswal o recording ng paaralan o mga kaganapang itinataguyod ng paaralan. | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Pamamahagi ng mga larawang sekswal o recording ng paaralan o mga kaganapang itinataguyod ng paaralan. | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Mga aktong sekswal sa campus kabilang ang pagpapakita ng mga lambingan (displays of affection). | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## HINDI SA ORAS NA PAGPASOK (TARDY, TAR)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagdating nang huli sa oras nang hanggang 5 minuto. Itinuturing na pagbubulakbol kapag mahigit 5 minuto. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |

## PAGNANAKAW (THEFT, TH)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkuha ng isang bagay, pagtatangkang kumuha ng pisang bagay, o pagkakaroon ng gamit na hindi sa iyo. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Krimeng pagnanakaw, gaya ng tinukoy sa batas. Dapat sumangguni sa tagapagpatupad ng batas. RSMo Section 570.030 | | | | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## PAGBABANTAL/BERBAL NA PAGKUMPRONTA (THREAT/VERBAL CONFRONTATION, T)

Magsasagawa ng pagtatasa ng banta upang malaman ang pagkabalido at kalubhaan ng isang banta - Pansamantala o Makatotohanan.

| **Pag-uugali** | **Ika-1 Antas** | **Ika-2 Antas** | **Ika-3 Antas** | **Ika-4 na Antas** | **Ika-5 Antas** |
|---|---|---|---|---|---|
| Berbal, nakasulat at di-berbal na pagbabanta sa ibang tao kung saan walang makatwirang pangamba na masasaktan | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Mga pansamantalang pagbabanta, na matitiyak sa pamamagitan ng pagtatasa ng banta, kaugnay ng karahasan sa indibidwal o mga maliliit na grupo sa paraang elektroniko, berbal, nakasulat, o social media. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Mga berbal na pagkumpronta kasangkot ang ibang mga mag-aaral o nakatatanda na maaaring kabilang o hindi ang pagmumura nang walang pagbabanta ngunit nagdudulot ng kaguluhan sa kapaligiran sa pagkatuto. | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |
| Mga Pabagu-bagong Pagkilos – Matinding pag-uugali na magulo't marahas, o nagbabanta na labis na nakaaabala sa paaralan, aktibidad na itinataguyod ng paaralan, o aktibidad na pinangangasiwaan ng paaralan na isinasagawa sa labas ng paaralan. Mga makatotohanang banta na matitiyak sa pamamagitan ng pagtatasa ng banta. Sumangguni sa tagapagpatupad ng batas | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Mga matinding makatotohanang banta, na matitiyak sa pamamagitan ng pagtatasa ng banta, patungkol sa ibang (mga) tao. Maaaring kasama ang mga banta ng terorista. Sumangguni sa tagapagpatupad ng batas | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |
| Mga matinding makatotohanang banta, na matitiyak sa pamamagitan ng pagtatasa ng banta, gamit ang social media (kabilang ngunit hindi limitado sa Snapchat, Twitter, Facebook, atbp.) patungkol sa iba o upang magdulot ng pagkagambala. | | | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | ■ Ika-5 Antas |

## TOBACCO/NICOTINE DELIVERY SYSTEMS (TB)

| **Pag-uugali** | **Ika-1 Antas** | **Ika-2 Antas** | **Ika-3 Antas** | **Ika-4 na Antas** | **Ika-5 Antas** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkakaroon at/o paggamit ng anumang produktong tabako o nicotine inhaler (elektronikong sigarilyo). | | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pagkakaroon at/o paggamit ng "vape" pen | | ■ Ika-2 Antas | | | |
| Pamamahagi ng paraphernalia ng nikotina. | | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | ■ Ika-4 na Antas | |

## TRUANCY (TR)

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Anumang hindi awtorisadong pagliban sa klase o paaralan ng sinumang mag-aaral anuman ang edad, at anumang oras sa isang araw nang mahigit 10 minuto, ay itinuturing na pagbubulakbol. Bagama't ang pagbubulakbol ay karaniwang nangangahulugan ng pagliban na hindi alam ng mga magulang, ang ilang mga pagliban na alam ng magulang ay ituturing sa paraang pagbubulakbol. | ■ Ika-1 Antas | ■ Ika-2 Antas | ■ Ika-3 Antas | | |

## MGA SANDATA (WEAPONS, W)

Dapat kontakin ang tagapagpatupad ng batas kapag ginagamit ang code na ito.

| Pag-uugali | Ika-1 Antas | Ika-2 Antas | Ika-3 Antas | Ika-4 na Antas | Ika-5 Antas |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkakaroon ng anumang sandata gaya ng tinukoy sa Patakaran ng Lupon ng FHSD. | | | | | ■ Ika-5 Antas |
| Paggamit ng anumang sandata gaya ng tinukoy sa Patakaran ng Lupon ng FHSD. | | | | | ■ Ika-5 Antas |
| Pagbebenta, pangangalap, at/o pamamahagi ng anumang sandata gaya ng tinukoy sa Patakaran ng Lupon ng FHSD. | | | | | ■ Ika-5 Antas |

# MGA KAHULUGAN NG DISIPLINA

### Detention Study Hall

Isang pinangangasiwaang study hall na isinasagawa pagkatapos ng klase sa paaralan. Ang Saturday School ay isang pinangangasiwaang study hall na isinasagawa tuwing Sabado ng umaga. Iba-iba ang oras ayon sa paaralan. Ang aktibidad ng mag-aaral ay masusing sinusubaybayan at pinaghihigpitan. Inaasahan na manahimik ang mga mag-aaral sa buong panahon ng detensyon at eksklusibong magtrabaho sa mga nakatalagang gawain. Hindi pahihintulutan ang mga huling dumarating na isagawa ang itinalagang detensyon.

### In-School Suspension (ISS/ISAP)

Isang kapaligirang organisado at nasa loob ng isang lugar lang kung saan bibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na kumpletuhin ang mga takdang-aralin para sa kredito. Kokontakin ang magulang/tagapag-alaga bago italaga ang mag-aaral sa ISS/ISAP. Kung ang isang mag-aaral na may IEP ay inilagay sa ISS/ISAP, ang kanilang mga espesyal na serbisyo sa edukasyon ay ibibigay tulad ng nakasaad sa IEP o ang oras sa ISS/ ISAP ay bilang isang suspensiyon sa labas ng paaralan (out-of-school suspension). Maaaring lumahok ang isang estudyante sa mga aktibidad pagkatapos ng klase kapag natapos ang kanilang buong itinalagang pagkasuspinde habang nasa paaralan.

**Out-of-School Suspension (OSS)**

Hindi pagpapahintulot ng pagdalo sa paaralan. Maaaring kailanganin ang isang pagpupulong kasama ng mag-aaral at magulang/tagapag-alaga bago makabalik ang estudyante sa paaralan. Ang mga mag-aaral na makatatanggap ng OSS ay magkakaroon ng pagkakataong makabawi sa gawaing di-natapos para makakuha ng kreditong 100% maliban sa mga pangyayaring nakasaad sa ibaba.

Ang marka ng mag-aaral sa panahon ng pagkasuspinde ay ibabatay sa gawaing ibinigay para kumpletuhin ng estudyante sa labas ng klase sa panahon ng pagkasuspinde. Kung inalok ang mag-aaral ng isang alternatibong lugar at tinanggihan ang lugar na ito, aakuin ng (mga) magulang/tagapag-alaga ang responsibilidad para sa edukasyon ng estudyante sa panahon ng pagkasuspinde.

HINDI PAPAYAGAN ANG MAKE UP WORK KUNG:

- Hindi isinumite sa takdang araw ang gawain sa OSS na ibabalik
- Hindi natapos ang gawain sa ISS/ISAP sa araw na bumalik ang mag-aaral sa klase
- Pinili ng Mag-aaral/(mga) Magulang/Tagapag-alaga na hindi kumuha ng AIP (Alternative Intervention Program)
- Ang pagkasuspinde ay mahigit 55 araw na may pasok sa paaralan

Ang sinumang estudyante na nasuspinde mula sa paaralan ay maaaring wala sa paaralan o anumang ibang pag-aaring lugar ng Distrito sa panahon ng pagkasuspinde nang wala sa paaralan (out-of-school suspension). Bukod pa rito, ang isang nasuspindeng mag-aaral ay hindi maaaring lumahok o dumalo sa anumang extracurricular activity sa loob o labas ng campus sa panahon ng pagkasuspinde. Matapos makumpleto ang kanilang out-of-school suspension, dapat na muling ipamalas ng mag-aaral ang kanilang sarili bilang isang mapagkakatiwalaang mamamayan ng paaralan bago lumahok o makipagkumpitensya sa mga aktibidad. Gayunpaman, pinapayagan ang isang mag-aaral sa pag-aaring lugar ng Distrito na dumalo sa isang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali at pumunta sa isang itinalagang alternatibong programa.

Ang sinumang estudyante na bumalik sa paaralan kasunod ng isang out-of-school suspension ay dapat na dumalo sa isang pagpupulong para sa muling pagpasok (sa paaralan) kasama ang punong-guro/taong itinalaga at maaaring isama ang (mga) magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral.

**Out-of-school suspension sa loob ng 10 hanggang 180 araw**

Maaaring suspendehin ng superintendente/taong itinalaga ang isang mag-aaral nang hanggang 180 araw na may pasok sa paaralan at magrekomenda sa Lupon ng Edukasyon ng mga mas mahabang suspensiyon at pagpapatalsik. Ang Lupon lamang ang maaaring magpataw ng mga suspensiyon na mahigit sa isandaang walumpung (180) araw. Isasagawa ang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali upang suriin ang pag-uugali na humantong sa paunang suspensiyon at magbigay ng rekomendasyon patungkol sa mga suspensiyon na mahigit sampung (10) araw nang wala sa paaralan at/o pagpapatalsik.

**Komite hinggil sa Pag-uugali**

Gaganapin ang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali bago ipatupad ang anumang pagkasuspinde nang wala sa paaralan ng mahigit sampung (10) araw na may pasok. Ang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali ay binubuo ng opisyal sa pagdinig, punong-guro/taong itinalaga at iba pang mga tauhan ng gusali o distrito kung kinakailangan. Ang mag-aaral at kanilang (mga) magulang/tagapag-alaga ay bibigyan ng pagkakataong humarap sa pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali. Ang pagdinig ay gaganapin sa panahon ng paunang suspensiyon na sampung (10) araw na may pasok ng mag-aaral. Hindi pinahihintulutan ang mga abugado na dumalo sa mga pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali (maliban sa isang magulang/tagapag-alaga na isang abugado at dumadalo kasama ng kanilang sariling anak). Hindi pinapayagan ang mga recording device sa pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali maliban kung kinakailangan para mapaunlakan ang magulang/tagapag-alaga dahil sa kapansanan. Ang abiso para sa pangangailangang gumamit ng recording device bilang isang pagpapaunlak ay dapat matanggap ng Kagawaran ng Mga Serbisyo para sa Mga Mag-aaral (Student Services Department) nang di-bababa sa 48 oras bago ang pagdinig.

Ang isang mag-aaral na sinuspinde sa labas ng paaralan ng taong itinalaga ng superintendente nang mahigit sampung (10) araw ay maaaring, sa loob ng sampung (10) araw matapos matanggap ang abiso ng naturang suspensiyon, humiling ng pag-apela sa Superintendente ng mga Paaralan kaugnay ng desisyon ng Komite hinggil sa Pag-uugali kung mayroon silang impormasyon na sa palagay nila ay hindi isinaalang-alang sa pagdinig. Dapat matanggap ang naturang kahilingan sa tanggapan ng Superintendente bago mag-4:30 p.m. ng itinakdang petsa para sa paghiling ng pag-apela. Hindi pinahihintulutan ang mga abugado na dumalo sa pulong hinggil sa pag-apela kasama ang Superintendente ng Mga Paaralan.

Kung ang (mga) magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral ay hindi sumasang-ayon sa desisyon ng Superintendente ng Mga Paaralan, maaaring humiling ng isang pagdinig sa harap ng Lupon ng Edukasyon. Ipaaalam sa pamamagitan ng sulat sa mag-aaral na humiling ng naturang pagdinig ang mga paratang laban sa kanya; ang oras, petsa, at lokasyon ng pagdinig; at ang karapatan ng mag-aaral na katawanin ng abugado, upang tumawag at tanunging mabuti ang mga saksi, at ipakita ang iba pang ebidensya para sa pagtatanggol sa mag-aaral.

**Probisyon para sa Pagdisiplina sa Espesyal na Edukasyon (Mga Mag-aaral na may Kapansanan)**

Ang mga mag-aaral na kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyal na edukasyon ay didisiplinahin alinsunod sa mga mandato ng estado at pederal. Kapag inirerekomenda ang mga mag-aaral na may kapansanan sa isang pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali, at kabilang sa mga resulta ng pagdinig na iyon ay suspensiyon nang mahigit 10 araw na pagpasok sa paaralan, gaganapin ang isang 'Manifestation Determination' meeting upang matukoy kung ang paglabag ay may kaugnayan sa kapansanan ng mag-aaral kasunod ng pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali.

**Isang A+ na Patakaran sa Pagkamamamayan para sa Mga Mag-aaral ng High School**

Naniniwala ang A+ na Komiteng Tagapayo ng Francis Howell School District na ang mabuting pagkamamamayan ay napakahalaga para sa isang mag-aaral na nagtatapos ng may A+ na katayuan. Malalagay sa panganib ang kwalipikasyon ng mga estudyanteng kalahok sa programang A+ na

makatatanggap ng mga suspensiyon. Ang buong apat na taon ay bahagi ng rekord ng pagkamamamayan. Ang sumusunod ay magreresulta sa pagkatanggal mula sa Programang A+:

- 5 o higit pang pagkakasuspinde habang nasa paaralan at/o wala sa paaralan sa panahong nasa high school ang mag-aaral (grade 9-12).
- Anumang suspensiyon na humantong sa pagkasuspinde na wala sa paaralan (out-of-school suspension) nang 10 o higit pang araw.

**Proseso ng A+ na Pag-apela**

May karapatan ang isang mag-aaral at/o magulang/tagapag-alaga na humiling ng isang A+ na pag-apela matapos matanggap ang abiso hinggil sa isang paglabag sa attendance o pagkamamamayan. Kung may alalahanin o kawalan ng kwalipikasyon,:

- Dapat abisuhan ng mag-aaral at magulang/tagapag-alaga sa pamamagitan ng sulat ang A+ Coordinator hinggil sa kanilang hangaring pag-usapan ang alalahanin o kawalan ng kwalipikasyon.
- Magpapatawag ang A+ Coordinator ng isang pagpupulong ng A+ na Komite sa Pag-apela para isasaalang-alang ang kwalipikasyon.
- Pakikinggan ng A+ na Komite sa Pag-apela ang kahilingan at ibabalik ang desisyon nito sa mag-aaral at magulang/tagapag-alaga. Dapat kumpletuhin ng sinumang humihiling ng pag-apela ang isang form na "A+ Appeal", na makukuha mula sa A+ coordinator sa high school ng mag-aaral. Matapos na makapagpasya ang komite sa pagsusuri, aabisuhan ng A+ Coordinator ang (mga) magulang/tagapag-alaga.

**Pagpapatalsik**

Ang salitang pagpapatalsik ay tumutukoy sa permanenteng pagkatanggal sa paaralan. Bukod sa pagpapataw ng isang pangmatagalang suspensiyon, ang Superitendente ng Mga Paaralan ay maaaring magrekomenda sa Lupon ng Edukasyon na mapatalsik ang estudyante mula sa paaralan. Susuriin ng Lupon ang mga naturang rekomendasyon at magpapasya kung magpapatuloy sa isang pagdinig kaugnay ng pagpapatalsik. Kung itutuloy ng Lupon ng Edukasyon ang isang pagdinig kaugnay ng pagpapatalsik, aabisuhan ang mag-aaral at (mga) magulang/tagapag-alaga sa pamamagitan ng sulat patungkol sa mga paratang laban sa mag-aaral; ang oras, petsa at lokasyon ng pagdinig; at karapatan ng mag-asral na katawanin ng abugado, upang tumawag at tanunging mabuti ang mga saksi, at ipakita ang iba pang ebidensya para sa pagtatanggol sa mag-aaral.  Walang mag-aaral na matitiwalag nang walang pagdinig mula sa Lupon ng Edukasyon.

Ayon sa Patakaran ng Distrito 2660, walang tatanggaping muli o pahintulutang mag-enrol (maliban sa hinihiling ng batas) na mag-aaral pagkatapos ng isang suspensiyon o pagpapatalsik mula sa Distritong ito o mula sa anumang iba pang Pandistritong Paaralan hanggang sa magsagawa ang Distrito ng isang pagpupulong upang isaalang-alang ang muling pagtanggap sa mag-aaral. Sa oras ng pagpupulong, isasaalang-alang ng mga kalahok ang pag-uugali na humantong sa pagdisiplina at anumang mga pagkilos sa paglunas na pinaniniwalaang kailangan upang maiwasang mangyari sa hinaharap ang mga katulad na pag-uugali.

Gayunpaman, walang mag-aaral ang muling tatanggapin o makakapag-enrol kung ang mag-aaral ay nahatulan, kinasuhan bilang isang nasa hustong gulang o kabataan na walang huling paghatol, o

nahatulan sa isang kaso bilang menor de edad, na, kung kinasuhan bilang isang nasa hustong gulang, ay katumbas ng isa sa mga sumusunod na paglabag:

- First degree na pagpatay (Mo. Rev. Stat. § 536.020)
- Second degree na pagpatay (Mo. Rev. Stat. § 565.021)
- First degree na pag-atake (Mo. Rev. Stat. § 565.050)
- Sapilitang panggagahasa (Mo. Rev. Stat. § 566.030)
- Sapilitang sodomiya (Mo. Rev. Stat. § 566.060)
- First degree na pagnanakaw (Mo. Rev. Stat. § 570.023)
- Pamamahagi ng mga droga sa isang menor de edad (Mo. Rev. Stat. § 579.020)
- First degree na panning (Mo. Rev. Stat. § 569.040)
- Pangingidnap bilang isang Class A na krimen (Mo. Rev. Stat. § 565.110)
- Panggagahasa sa menor de edad (Mo. Rev. Stat. § 566.032)
- Sodomiya sa menor de edad (Mo. Rev. Stat. § 566.062

## Pagkalulong ng Mag-aaral sa Alak at Droga

Batid ng Lupon ng Edukasyon ang tungkulin nito sa kalusugan, kapakanan at kaligtasan ng mga mag-aaral na pumapasok sa Francis Howell School District. Kaya, ipinagbabawal ang paggamit, pagbenta, paglipat, pagkakaroon o pagkonsumo ng alak o droga sa paaralan, at sa mga aktibidad o kaganapan na itinataguyod ng paaralan, sa mga field trip, o anumang sasakyan habang ginagamit ito sa paghatid ng mga mag-aaral sa pandistritong paaralan.

Ang alkohol, gaya ng paggamit sa Kodigong ito hinggil sa Pag-uugali ng Mag-aaral, ay tinutukoy bilang alkohol, mga inuming malt na “walang alkohol” o mga substance na itinuturing na alkohol o mga inuming malt na “walang alkohol”.

Ang mga droga, gaya ng paggamit sa Kodigong ito hinggil sa Pag-uugali ng Mag-aaral, ay tinutukoy bilang mga bagay na nakalalasing, ilegal na droga, inireresetang gamot, hindi inireresetang legal na sintetikong substance o na gamot na walang reseta na nakapipinsala, at/o mga kemikal na pisikal o nakaaapekto sa isipan o kontroladong substance; o mga substance na itinuturing na mga bagay na nakalalasing, ilegal na gamot, inireresetang gamot, hindi inireresetang legal na sintetikong substance o gamot na walang reseta na nakapipinsala, at/o mga kemikal na pisikal o nakaaapekto sa isipan o mga gamot na walang reseta na kapag ginamit para sa layuning kakaiba sa kanilang disenyo; o paraphernalia ng droga.

Bagaman hindi hangarin ng Lupon o faculty at tagapangasiwa ng paaralan na higpitan ang edukasyon ng sinumang kwalipikadong tao sa pandistritong paaralan, batid na mahalaga ang mabuting disiplinang pampaaralan at pagkamamamayang pampaaralan para magkaroon ng wastong kapaligiran sa pagkatuto. Hindi makatarungan sa mga mag-aaral na nagnanais na pakinabangan nang husto ang kanilang mga oportunidad sa edukasyon at aktibidad na malantad sa mga di-mahalagang pagkaantala at pagkagambala na dulot ng mga kapwa nila mag-aaral na gumagamit ng droga o alak o nagtataglay ng mga substance na ito.

Ang isang mag-aaral na mapatutunayang gumagamit o may taglay na alak o droga ay maaaring masuspinde nang hanggang 180 araw na may pasok sa paaralan o mapatalsik. Sususpendehin ng

punong-guro/taong itinalaga ang naturang mga estudyante sa unang yugto na Samsung (10) araw na may pasok sa paaralan. Para sa unang mga paglabag kaugnay ng pagkakaroon o pagkonsumo ng alak o droga, sa halip na 10 araw na pagkasuspinde, maaaring piliin ng mag-aaral na dumalo sa isang Alternative Intervention Program (AIP), na matatagpuan sa loob ng Francis Howell Union High School.

Sa AIP, kakailanganing lumahok ng mag-aaral sa isang panimulang intake assessment na isasagawa ng kawani ng FHU, na magpapasya kung aling paraan ng pamamatnubay hinggil sa paggamit ng droga/alak at pag-iwas sa pang-aabuso ang kukumpletuhin ng mag-aaral. Papasok sa paaralan nang buong araw ang mag-aaral at tatapusin ang lahat ng takdang-aralin mula sa kanilang mga kurso at lalahok sa mga serbisyo ng pamamatnubay hinggil sa paggamit ng droga/alak at pag-iwas sa pang-aabuso. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyong inaalok ng PreventEd o isang komprehensibong pagtatasa kaugnay ng droga at intake screening sa pamamagitan ng Preferred Family Health na may kasunod na pagpapayo. Ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng patuloy na suporta hinggil sa positibong pagpapasya at pagpapalakas ng katatagan pagbalik nila sa kanilang sariling paaralan. Kung hindi matapos ng isang mag-aaral o magulang/tagapag-alaga ang kinakailangang papeles, pagtatasa o patuloy na mga pagpupulong na suporta, ipapataw ang paunang 10 araw na suspensiyon at gaganapin ang isang Pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali upang matukoy ang naaangkop na (mga) parusa at/o karagdagang mga araw ng suspensiyon. Isusumite ang isang rekomendasyon ng (mga) parusa sa superintendente/taong itinalaga para sa kanilang pagpapasya.

Kapag may pangalawang paglabag sa ilalim ng Kodigo hinggil sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral, lalahok ang mag-aaral sa isang Pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali at sususpendehin nang hanggang 180 araw na may pasok sa paaralan o papatalsikin.

Depende sa kalubhaan ng paglabag, ang isang mag-aaral na napatunayang nagbebenta, nagbabahagi o namamahagi ng alak o droga ay makatatanggap ng suspensiyon nang hanggang 180 araw o pagpapatalsik. Maaaring suspendihin ng punong-guro/taong itinalaga ang naturang mga mag-aaral sa unang yugto na sampung (10) araw na may pasok sa paaralan. Ang isang Pagdinig sa Komite sa Pag-uugali ay maaaring gaganapin sa loob ng paunang sampung (10) araw ng pagsuspinde sa araw na may pasok sa paaralan upang matukoy ang naaangkop na mga parusa. Ang isang rekomendasyon ng (mga) parusa ay maaaring isumite sa superbisor/itinalaga para sa kanilang desisyon. Ang opisyal sa pagdinig ng Komite hinggil sa Pag-uugali, ayon sa kanilang desisyon, ay maaaring magrekomenda ng alternatibong pagtatalaga sa naaayong programang pang-edukasyon (educational placement)--ang Alternative Learning Center (ALC). Kung tinanggap ang naturang pagtatalaga: Sa loob ng dalawang (2) linggo ng pagsisimula sa ALC, dapat kumpletuhin ang isang pagtatasa kaugnay ng droga sa Preferred Family Health. Kailangan ng mag-aaral na lumahok sa mga sesyon ng pamamatnubay hinggil sa droga na ibinigay ng Preferred Family Health.

# Mga Paaralang Walang Armas

Hangad ng Francis Howell School District na magbigay ng isang ligtas at walang karahasan na kapaligirang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at lugar ng trabaho para sa mga empleyado nito. Naninindigan ang Distrito na walang lugar ang mga armas sa paaralan.

Batid ng Distrito na dapat itong sumunod sa batas ng pederal at estado patungkol sa pagtrato sa mga estudyanteng nagdadala ng mga armas sa paaralan. Alinsunod dito, ang impormasyong ito ay sumusunod sa mga probisyon ng 1994 na Batas sa Pagpapabuti ng Mga Paaralan sa America (Improving America's Schools Act of 1994), Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act) at iba pang naaangkop na batas ng pederal at estado.

Alam ng Distrito ang nakapipinsalang panganib na maaaring idulot sa sarili at iba pa ng isang taong magdadala ng armas sa paaralan. Batid ng Distrito na isang posibleng banta sa kalusugan, kaligtasan at seguridad ng mga estudyante, empleyado at iba pang tao ang pagkakaroon ng armas. Hindi kukunsintihin ng Distrito ang pagkakaroon ng nakapipinsalang panganib kapag nagdala ng armas ang isang tao sa ating mga paaralan.

Kaya, inilalahad ng Distrito ang mga sumusunod:

I. MGA DEPINISYON:
   Ang salitang "armas" ay tinukoy alinsunod sa pederal na batas na itinakda sa pinakabagong bersyon ng 18 United States Code Seksyon 921. Kabilang sa salitang “armas” ang, ngunit hindi limitado sa mga bagay gaya ng:
   a. Anumang bagay na kargado o hindi kargadong sandata, frame ng sandata o bariles ng sandata at idinisenyo upang, o maaaring madaling mai-convert sa, maglabas ng isang bagay na naitutudla sa pamamagitan ng pagputok; o
   b. Anumang baggy na, o maaaring madaling mai-convert sa, maglabas ng isang bagay na naitutudla sa pamamagitan ng pagputok o iba pang eksplosibong pansunog, at mayroong bariles na may butas na hindi bababa sa kalahating pulgada ang lapad; o
   c. Anumang paputok, nakasusunog o lason na gas, tulad ng: mga bomba; granada, rocket na mayroong eksplosibong pansunog na may charge na mas malaki sa apat (4) na onsa; at iba pang mga katulad na aparato na tinutukoy sa ilalim ng pederal na batas; o
   d. Anumang kumbinasyon ng mga bahagi na idinisenyo o inilaan para gamitin sa pag-convert ng anumang device sa isang device na inilalarawan sa talata B o C ng Seksyon ng Mga Depinisyon.

II. ESTUDYANTENG NAGDADALA NG ARMAS SA PAARALAN:
   Hindi kukunsintihin ng Distrito ang isang estudyanteng nagdadala ng armas sa paaralan Kaya, gagawin ng Distrito ang sumusunod na aksyon kapag napag-alamang nagdala ng armas ang isang estudyante sa paaralan:
   a. Isasangguni ng Distrito ang mag-aaral sa naaangkop na sistema ng katarungang pangkrimen o suliraning pangkabataan; at

b. Sususpendehin ng Distrito sa paraalan ang estudyante nang hindi bababa sa isang (1) taon (365 araw) mula sa petsa ng paglabag, at maaaring, ayon sa pagpapasya nito, na permanenteng patalsikin ang estudyante mula sa paaralan. Ang probisyong ito hinggil sa suspensiyon ay maaaring mabago depende sa kaso ayon sa rekomendasyon ng Superintendente ng mga Paaralan kung mapagpasyahan ng Superintendente na nagbibigay-katwiran ang mga pangyayari sa naturang pagbabago.
c. Maaaring magpasyang magbigay ang Distrito sa isang mag-aaral na nasuspinde sa ilalim ng Patakaran ng Distrito 2620 ng mga serbisyong pang-edukasyon sa isang alternatibong paraan.

III. PAGKA-ANGKOP SA MGA MAG-AARAL NA MAY MGA KAPANSANAN:
Kung ang mag-aaral na tinutukoy na lumabag sa mga alituntuning ito hinggil sa Mga Paaralang Walang Armas ay isang estudyanteng may kapansanan sa ilalim ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act), ang Distrito ay susunod sa mga kinakailangan ng pederal at estado na nakalagay sa mga naaangkop na batas at regulasyon. Nagtakda ang mga naturang batas at regulasyon ng mga espesyal na pamamaraan na dapat sundin kapag ang isang estudyanteng may kapansanan ay nagdala ng armas sa paaralan. Naaangkop ang mga alituntuning ito sa mga mag-aaral na may kapansanan hanggang sa pahintulutan ang kanilang aplikasyon sa ilalim ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act).

IV. PAGKA-ANGKOP SA IBANG MGA PATAKARAN NG DISTRITO:
Ang lahat ng iba pang patakaran ng Distrito hinggil sa armas, patakaran sa pagdisiplina o patakaran sa mga kahawig ng armas ay patuloy na ipatutupad habang umiiral ang mga ito o ma-amyendahan sa hinarahap.

## Mga Patnubay sa Katanggap-tanggap na Paggamit ng Network at Internet

Mayroong akses sa internet sa Francis Howell School District (FHSD) para sa mga mag-aaral, guro, kawani, (mga) magulang/tagapag-alaga, at tagapangasiwa. Dapat gamitin ng mga mag-aaral ang telekomunikasyon ng FHSD alinsunod sa Patakaran ng Distrito 6320. Pinapayagan ang mga mag-aaral na mag-akses ng impormasyong may kaugnayan sa kurikulum at mga paksa sa pagsasaliksik at ideya na nagtataguyod ng inobasyon sa pagkatuto.

Ang kaalaman sa kung paano makipag-usap sa elektronikong paraan at mag-navigate gamit ang saganang impormasyon na matatagpuan sa parehong pampubliko at pribadong mga network ay mga karunungan kaugnay ng impormasyon na sumusuporta sa mga nagawa ng mag-aaral sa ika-21 siglo. May mga pagkakataong pinapayagan ang mga mag-aaral, kung naaprubahan ng guro, na magdala ng kanilang sariling teknolohiya para sa mga layuning pang-edukasyon (hal. mga laptop, iPod, iPad, electronic reader, atbp.).

Kaligtasan Tinitiyak ng Distrito ang pagsunod sa CIPA (Children's Internet Protection Act) sa pamamagitan ng paggamit ng firewall at pag-filter. Gayunpaman, dapat magreport ang mga mag-

aaral sa kanilang guro o iba pang mga kawani kung nag-akses sila ng impormasyon na hindi naging komportable para sa kanila.

Ang mga sumusunod na aksyon AY pinapayagan sa mga network ng distrito:

- Paggamit ng telekomunikasyon para lamang sa mga layuning pang-edukasyon
- Pakikipag-usap sa iba nang may respeto at paggalang
- Pagsunod sa mga batas ukol sa copyright at mga karapatang intelektuwal ng iba
- Pagpapanatili ng pagkapribado ng personal na pangalan, numero ng telepono, address at password, at paggalang sa pagkapribado ng iba

Itinakda ang mga panuntunang ito para malaman mo ang iyong mga responsibilidad. Maaaring bawiin ng tagapangasiwa ng network o itinalagang kinatawan ng FHSD ang mga pribilehiyong pang-network/computer kung hindi sinusunod ang mga panuntunan.

Ang mga sumusunod na aksyon ay HINDI pinapayagan sa mga network ng distrito:

- Pagbabahagi ng kumpidensyal na impormasyon
- Pagbibigay ng iyong password sa iba
- Pagbibigay ng personal na impormasyon sa Internet
- Panliligalig, pang-aalipusta, o paninira sa iba sa anumang paraan
- Sinusubukang i-bypass o sirain ang sistema ng seguridad
- Pag-akses sa pornograpikong/ilegal na materyal
- Ilegal na pagkopya ng software
- Panghihimasok sa mga folder, file o dokumento ng iba
- Pagsubok na sirain o pakialaman ang mga datos/ file ng iba
- Paggamit ng network para sa mga layuning pang-komersyo
- Paggamit ng malalaswang pananalita
- Paggamit ng mga laro sa Internet na walang kaugnayan sa kurikulum
- Paglabag sa mga batas ukol sa copyright o plagiarism
- Paggamit ng mga ipinagbabawal na website
- Paninira sa network ng Distrito o teknolohiya
- Pag-upload ng mga virus, pagbabago ng datos o pagnanakaw ng pinaghihigpitang impormasyon

Ang paglabag sa Patakaran ng Distrito 6320 tungkol sa paggamit ng network at internet ay magdudulot ng mga kahihinatnan sa pagdisiplina kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isa o higit pa sa mga sumusunod: 1) pagsuspinde o pagbawi ng mga pribilehiyong pang-network; 2) pagsuspinde o pagbawi ng pag-akses sa Internet; 3) pagsuspinde o pagbawi ng pag-akses sa computer; 4) pagkasuspinde sa paaralan; o 5) pagpapatalsik.

PAKITANDAAN: Kung nais mong ipagbawal ang independiyenteng paggamit ng internet ng iyong mag-aaral, mangyaring makipag-ugnay sa paaralang pinapasukan nila upang makakuha ng naaangkop na form.

## Ipinagbabawal ang Kaparusahang Pisikal

Nakasaad sa Patakaran ng Distrito 2670 na: Walang sinumang nagtatrabaho o nagboboluntaryo sa Distrito ang dapat mangasiwa o maging dahilan para mabigyan ng parusang pisikal ang isang estudyanteng pumapasok sa mga Pandistritong paaralan. Ang isang empleyado ng Distrito ay maaaring magpatupad ng makatwirang pagsuway laban sa isang mag-aaral nang walang paunang abiso sa punong-guro/taong itinalaga kung kailangan ito para sa pagtatanggol sa sarili, pagpapanatili ng kaayusan, o para sa proteksyon ng ibang mga tao o pag-aari ng Distrito.

## Mga Panuntunan sa Bus

Tungkulin ng mga drayber ng bus ng Francis Howell na panatilihin ang isang ligtas at maayos na kapaligiran sa mga bus ng distrito.

- Ang sumusunod ay isang listahan ng mga inaasahan sa mag-aaral habang nakasakay sa mga bus ng distrito:
- Sundin ang lahat ng inaasahan sa Kodigo hinggil sa Pag-uugali ng mga Mag-aaral
- Sundin ang lahat ng tagubilin ng drayber ng bus
- Manatiling nakaupo nang nakaharap sa unahan ng bus
- Sumakay at bumaba mula sa itinalagang bus sa mga nakatalagang hintuan
- Panatilihin ang lahat ng bahagi ng katawan at lahat ng bagay sa loob ng bus
- Tratuhin ang iba nang may paggalang (sa paraang berbal at pisikal)
- Tratuhin ang bus nang may paggalang (bawal makasira, magkalat, maghagis ng mga bagay, kumain o uminom)
- Sumakay sa kanilang itinalagang bus

TANDAAN: Maaaring subaybayan ng mga kamera ang lahat ng bus anumang oras.

Upang mapanatili ang kaayusan at magkaroon ng isang ligtas na kapaligiran, maaaring gumawa ng alinman sa mga sumusunod na pagkilos ang isang drayber ng bus:

- Kapanayamin ang isang mag-aaral
- Kapanayamin ang isang punong-guro/taong itinalaga
- Atasan ang mga mag-aaral na sumunod sa mga patakaran
- Magtalaga ng mga upuan sa bus
- Mag-isyu ng mga babala sa tiket ng bus
- Mag-isyu ng mga tiket ng bus

Itinuturing ng Distrito ang bus na isang karugtong ng silid-aralan; kaya, magdudulot ng kahihinatnan ang maling pag-uugali sa loob ng bus. Maaaring kabilang sa mga kahihinatnan ang pagkasuspinde mula sa bus. Kapag matindi ang paglabag at/o may pagbabanta sa pangkalahatang kaligtasan ng mga mag-aaral, agad itong isasangguni sa punong-guro/taong itinalaga. May karapatang magpasya ang punong-guro/taong itinalaga na magpatupad/bumuo ng isang alternatibong plano sa pagdisiplina kung kinakailangan. Makikipagpulong sa punong-guro/taong itinalaga ang Pandistritong Direktor ng Transportasyon at Tagapangasiwa ng Kaligtasan sa Transportasyon kung hiniling o kinakailangan.

## Talaan ng Mga Salita

**Di-umano (Alleged)**

Sinabi, nang walang patunay, na naganap o may espesipikong katangiang ilegal o hindi kanais-nais.

**Pambu-bully**

Tinukoy ang pambu-bully sa Patakaran 2655 ng Lupon ng Edukasyon bilang isang sinadyang aksyon ng isang indibidwal o grupo ng mga indibidwal upang manakot, hindi kanais-nais na agresibong pag-uugali, o panliligalig nang paulit-ulit o malamang na maulit at maging sanhi ng takot sa isang mag-aaral para sa pisikal na kaligtasan o ari-arian; labis na nakasasagabal sa pag-aaral, mga oportunidad, o benepisyo ng sinumang estudyante nang walang eksepsiyon; o labis na nakagagambala sa maayos na operasyon ng paaralan. Kasama sa pambu-bully ang mga pisikal na pagkilos, kabilang ang mga pagkumpas, o pagsasalita, cyberbullying, elektroniko, o nakasulat na komunikasyon, at anumang banta ng paghihiganti dahil sa pagreport ng mga gawaing pambu-bully.

Nakatuon ang Distrito sa pagpapanatili ng mga kapaligiran sa pagkatuto at pagtatrabaho nang walang anumang uri ng bullying o pananakot ng mga mag-aaral habang nasa paaralan, sa oras ng pasukan, at sa aktibidad na itinataguyod ng paaralan o sa anumang may kaugnayan sa paaralan. Hinihikayat ang mga mag-aaral at/o kanilang (mga) magulang/tagapag-alaga na ireport ang anumang sitwasyon ng pambu-bully sa kanilang tagapangasiwa ng gusali.

Hinihikayat ng Distrito ang mga mag-aaral na ireport ang pambu-bully. Dapat ireport ng mga mag-aaral kung sila ay biktima o miron. Tatalakayin ng mga paaralan sa mga estudyante ang mga ligtas na paraan sa pag-report ng pambu-bully. Dapat ireport agad ng mga mag-aaral na nabu-bully o nakasaksi ng pambu-bully ang insidente sa isang nakatatanda. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay dapat makipag-ugnay sa punong-guro upang ireport ang pambu-bully na naiulat ng kanilang anak kung hindi komportable ang bata na magreport. Sinisiyasat ang bawat report ng pambu-bully. May mga mapagkukunan tungkol sa bullying ang website ng FHSD para sa mga magulang at mag-aaral sa ilalim ng Kaligtasan at Seguridad sa website ng Distrito.

**Pagpupulong (Conference)**

Isang komunikasyong nangyari nang harapan, sa pamamagitan ng video, o sa pamamagitan ng telepono.

**Cyberbullying**

Ang cyberbullying, gaya ng tinukoy sa Patakaran 2655 tungkol sa bullying na nabanggit sa itaas ay ang pagpapadala ng komunikasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mensahe, text, tunog, o imahe gamit ang isang elektronikong aparato kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, telepono, wireless na telepono o iba pang aparatong wireless na pangkomunikasyon, computer, o pager. Maaaring ipagbawal at magpataw ng disiplina ang Distrito kaugnay ng cyberbullying na nagmumula sa alinmang campus ng Distrito o sa isang aktibidad ng Distrito kung ang elektronikong komunikasyon ay ginawa gamit ang mga teknolohikal na mapagkukunan ng paaralan, kung

mayroong sapat na koneksyon sa kapaligirang pang-edukasyon, o kung ang elektronikong komunikasyon ay ginawa sa campus ng Distrito o sa isang aktibidad ng Distrito gamit ang sariling personal na mapagkukunang teknolohiya ng mag-aaral. Bukod pa rito, ang mga mag-aaral na nagpapamalas ng mga tiwaling asal sa labas ng campus na maaaring may labis at masamang epekto sa edukasyon ng mga mag-aaral ng Distrito ay didisiplinahin.

**Panliligalig/Diskriminasyon (Harassment/Discrimination)**

Patakaran ng Distrito na panatilihin ang isang kapaligiran sa pagkatuto na walang panliligalig dahil sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, etnisidad, kapansanan, relihiyon, oryentasyong sekswal, o pinaniniwalaang oryentasyong sekswal. Ipinagbabawal ng Distrito ang anuman at lahat ng uri ng panliligalig at diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, etnisidad, kapansanan, relihiyon, oryentasyong sekswal, o pinaniniwalaang oryentasyong sekswal.

Ang sistema ng paaralan ay kikilos upang agad na siyasatin ang lahat ng reklamo, pormal o di-pormal, berbal o nakasulat, kaugnay ng panliligalig o diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, etnisidad, kapansanan, relihiyon, oryentasyong sekswal, o pinaniniwalaang oryentasyong sekswal; upang agad na makagawa ng naaangkop na aksyon para protektahan ang mga indibidwal laban sa higit pang panliligalig o diskriminasyon; at, kung napag-alaman na may nangyaring panliligalig o diskriminasyon, madisiplina agad at nang tama ang sinumang mag-aaral, guro, tagapangasiwa, o iba pang tauhan ng paaralan na napatunayang nagpamalas ng panliligalig/diskriminasyon, at/o makagawa ng iba pang naaangkop na aksyon na makatwirang inaasahan na makawawakas sa panliligalig.

**Hazing**

Ang labis na pananakit sa mga mag-aaral ay hayagang ipinagbabawal ayon sa Patakaran ng Distrito 2920. Tinutukoy ang hazing bilang sadyang pagkilos na nakatuon sa isa pang estudyante, nangyayari man ito sa loob o labas ng paaralan, para sa mga layunin ng pagpasok sa isang samahan (initiation) o pagpasok sa anumang aktibidad na may kaugnayan sa paaralan o pangkat ng mga atleta. Kabilang sa pag-uugali na ipinagbabawal ng patakarang ito ang, ngunit hindi limitado sa, pagkakalantad o pagkakalapat ng mga maseselang bahagi ng katawan, puwit, o dibdib (mga babaeng mag-aaral), nang direkta o hindi direkta gawa ng pakakalapat sa mga damit na panloob; mga pagbabantang manakit; at makapaminsala nang pisikal o mental o manghiya.

Ang mga mag-aaral na napatunayang lumabag sa patakarang ito ay makatatanggap ng suspensiyon/pagpapatalsik mula sa paaralan at suspensiyon at ekslusiyon mula sa mga aktibidad/pakikilahok sa atletiko depende sa kalubhaan ng tiwaling asal.

**Napipintong panganib (Imminent danger)**

Ilang panganib, agaran, at paparating; nagbabanta, at makapipinsala.

**Pananakot (Intimidation)**

Ang pananakot ay sinsadyang pag-uugali na magdudulot sa isang taong may karaniwang kakayahang makaramdam na matakot masaktan o mapahamak. Hindi kailangang patunayan na napakarahas ng pag-uugali para magdulot ng nasabing takot o na ang biktima ay talagang natakot.

**Integridad**

Anumang gawaing pandaraya o pagsisinungaling, berbal man o di-nakasulat, kabilang ang pamemeke.

**Mga Pahintulot sa Paradahan**

Dahil sa limitadong espasyong magagamit na paradahan ng mga mag-aaral sa bawat campus ng high school, kinakailangan ang mga pahintulot sa paradahan para makapagmaneho papuntang paaralan ang mga estudyante. Magtatatag ng mga pamantayan kaugnay ng pagiging kwalipikado para sa mga pahintulot at iba pang mga regulasyon tungkol sa mga sasakyan ng mag-aaral ang naaangkop na tagapangasiwa ng high school. Ang mga paglabag ay maaaring magresulta sa pagkawala ng mga pribilehiyo sa paradahan.

**Pagmamay-ari**

Ang pagkakaroon ng isang bagay na hawak ng isang tao o nasa locker, kotse/sasakyan (kung nakaparada sa pamamay-aring lugar ng distrito), backpack, pitaka, o ibang lalagyan nito.

**Protected class status (panliligalig)**

Anumang katayuan na hayagang tinukoy at pinoprotektahan ng pederal, estado, o lokal na batas, regulasyon, o ordinansa, kabilang ang kasarian, lahi, bansang pinagmulan, pinagmulang angkan, paniniwala, relihiyon, pagbubuntis, marital status, parental status, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, o kapansanang pisikal, mental, emosyonal, o pagkatuto.

**Pagbili (Purchase)**

Pagbibigay ng pera o iba pang mga konsiderasyon kapalit ng droga, o pangakong magbibigay ng pera o iba pang konsiderasyon sa ibang araw kapalit ng droga.

**Pagbabayad (Restitution)**

Papalitan ang (mga) gamit na ninakaw o nasira o magbibigay ng patas na halaga sa merkado sa pamamagitan ng pagbayad o serbisyo.

**Malubhang pisikal na pinsala (Serious physical injury)**

Ang malubhang pisikal na pinsala ay isang kapinsalaan ng katawan na hahantong sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

- Matinding panganib na mamatay
- Permanenteng depormidad o depekto
- Coma
- Permanente o tumagal na kondisyon na nagdudulot ng matinding pananakit
- Permanente o matagal na pagkawala o kapansanan sa paggana ng anumang bahagi ng katawan
- Nagresulta sa pagkaka-ospital

Kabilang sa malubhang pisikal na pinsala ang, ngunit hindi limitado sa, pagkabali o pagkasira ng buto (kabilang ang ilong), at mga concussion. Hindi kasama sa malubhang pisikal na pinsala ang mga pasa sa mata, latay, galos, o mga pasa.

**Matinding pagbabanta (Serious threat)**

Ang pakikibahagi sa gawaing maglalagay sa isang tao sa pisikal na kapinsalaan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, hindi berbal na agresyon/pananakot, berbal na mga pahayag, o nakasulat na mga pahayag.

**Sexting**

Pagpapadala ng mga malalaswang larawan o mensahe sa pamamagitan ng elektronikong aparato.

**Sexual contact**

Anumang paghipo, o pag-udyok sa isang tao na manghipo, direkta man o sa damit, ng anumang bahagi ng katawan ng sinumang tao, kung ginawa nang may layuning pukawin o bigyang-kasiyahan ang sekswal na pagnanasa ng sinumang tao, o may layuning abusuhin, hiyain, o alipustain ang sinumang tao.

**Pagnanakaw (Stealing/Theft)**

Ang pagkuha o pagtatangkang kumuha ng ari-arian ng ibang tao o institusyon nang walang pahintulot o hindi alam ng may-ari na may layuning ipagkait sa may-ari ang paggamit nito (sa ilalim ng paglabag kaugnay ng Pagnanakaw).

**Makatotohanang pagbanta (Substantive threat)**

Isang banta kung saan mayroong layunin at kailangang magkaroon ng aksyong pamproteksyon upang protektahan ang (mga) biktima.

**Pangungutya (Taunting)**

Mga sarkastikong pananalita, pagkilos, o pang-iinsulto na naglalayong pahinain ang loob ng tatanggap, o pagalitin sila at udyukang magpakita ng reaksyon nang hindi nag-iisip.

**Sandatang laruan (Toy weapon)**

Mga laruan na parang mga tunay na sandata, kabilang ang mga armas at iba pang mga baril, ngunit ginawa para magsilbing pang-aliw sa mga bata at hindi mapanganib.

**Pansamantalang banta (Transient threat)**

Isang banta na pagpapahayag ng katatawanan, retorika, galit, o pagkabigo na madaling lutasin nang sa gayon ay walang intensyong manakit. Walang matibay na bantang makapinsala.

**Pagpasok nang walang pahintulot (Trespassing)**

Ang pagpunta sa paaralan nang walang pahintulot, pati habang suspendido o pinatalsik; kasama ang puwersahang pagpasok. O paglalagi sa paaralan matapos hilingin ng administrasyon ng

paaralan na umalis ang indibidwal. Hihilingin ng administrasyon ng paaralan sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas na kasuhan ng trespassing ang mag-aaral, magulang/tagapag-alaga, parokyano o bisita.

**Ayaw makipagtulungan/sumunod (Uncooperative/non-compliant)**

Ang pagtanggi na makipagtulungan ay maaaring mangyari kapag ang pagtanggi ng isang estudyante na sumunod sa mga alituntunin ng paaralan o may epekto ang mga tagubilin ng mga kawani ng paaralan o mga boluntaryo sa epektibo o ligtas na operasyon ng paaralan o silid-aralan, tulad ng patuloy na paglalagi sa pinangyarihan ng away o pag-uudyok ng kaguluhan matapos sabihan na tumigil sa ginagawa, o paulit-ulit na pagsuway sa mga kawani ng paaralan o mga boluntaryo kapag hindi naging matagumpay ang ibang mga estratehiya sa pagtugon upang baguhin ang maling pag-uugali. Hindi nangyayari ang hindi pagsunod kapag:

- Hindi alam ng mag-aaral ang ibinigay na direksyon ng mga kawani ng paaralan o boluntaryo (nasa isang maingay na silid, mga problema sa pandinig o iba pang mga kapansanan, mga limitasyon sa wika, atbp.);
- Nahuhuli sa pagpasok sa paaralan/klase ang estudyante
- Hindi nagagawa ng mag-aaral ang homework

**Losing o lango**

Ang maapektuhan ng alak o droga hanggang sa nakasasagabal na ito sa kakayahan ng isang taong kumilos gaya ng isang ordinaryong tao.

**Pabago-bago (Volatile)**

Malamang na mabilis magbago at sumpungin, at lalo pang lumalala.

**Armas (Weapon) (kabilang ang mga kahawig nito at bala)**

Ang sandata ay, sa pamamagitan ng paglalarawan at walang limitasyon, ay isa sa mga sumusunod:

- Armas: Isang armas na tinukoy sa 18 U.S.C. 921 ng kodigong pederal. Kabilang sa mga halimbawa ang mga handgun, rifle, shotgun at bomba. Sumangguni sa kodigong pederal para sa kumpletong paglalarawan.
- Iba Pang Baril: Anumang uri ng baril, kargado o hindi kargado, nagagamit o hindi nagagamit, kabilang ang anumang bagay maliban sa isang armas na mukhang baril. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pellet gun, paintball gun, stun gun, Taser gun, BB gun, flare gun, nail gun, o airsoft gun.
- Iba Pang Armas: Anumang kasangkapan o bagay na ginamit sa paraang may pagbabanta na maaaring magdulot o naglalayong manakit at/o makapinsala, maliban sa armas o iba pang baril. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, switchblade knife, hunting knife, star knife, labaha (kabilang ang straight o retractable razor), brass knuckle, box cutter, nunchuck, spiked glove, spiked wristband, anumang mace derivative, tear gas device o pepper spray na produkto.

Ang paglalarawan ng Batas ng Estado ng Missouri sa isang sandata ay matatagpuan sa sumusunod na link: Batas ng Missouri